

2020 Bagong Taong Sulat mula sa Obispo ng Kyoto

Ipagsanggalang ang Lahat ng Buhay ~Isang Tugon sa Tawag ni Papa Fransisko~

Paul Yoshinao Otsuka
Obispong Katoliko ng Kyoto

Panimula

Ang tema ng pagbisita ni Papa Fransisko sa Japan noong ika-23-26 ng Nobyembre 2019 ay “Ipagsanggalang ang Lahat ng may Buhay.” Ang mga salitang ito ay nagmula sa huling talata ng “Isang dasal ng Kristiyano Sa Pakikipagkaisa Sa Sangnilikha” sa encyclical ng Santo Papa na “Laudato Si.”

O, Panginoon, sakupin mo kami ng iyong kapangyarihan at liwanag, tulungan mo po kaming ipagsanggalang ang lahat ng may buhay, upang makapaghanda sa mas magandang hinaharap, para sa pagdating ng iyong Kaharian ng katarungan, kapayapaan, pag-ibig at karikitan. Papuri sa Iyo! Amen.

Ito ay isang panalangin na ang mga Kristiyano ay umaako ng pananagutan sa nilikhang daigdig na ipinakikita sa ebanghelyo ni Hesus.

“Mayroon akong gustong sabihin sa inyo.”

Nagsalita ang Santo Papa sa lahat ng nasa Japan tungkol sa pagmamahal ng Diyos at ang ebanghelyo ng buhay kaugnay sa iba’t-ibang kalagayan. Nais nating matupad ang ating misyon na “ipagsanggalang ang lahat ng may buhay” ayon sa naisip na mensahe ng Santo Papa, pagnilayan natin ito sa ating panalangin. Kaya, sa liham pastoral sa taong ito nais kong pagnilayan ang “Panalangin para sa Sangnilikha” mula sa Laudato Si’. Ang panalanging ito ay iniaalay sa lahat ng mananampalataya sa Diyos, na Makapangyarihang Manlilikha.

Isang Panalangin Para Sa Ating Daigdig

Napakamakapangyarihang Diyos, na naroroon sa lahat ng dako at sa pinakamaliit sa iyong mga nilikha.

Niyapos mo ng iyong pagsinta ang lahat ng umiiral.

Ibuhos mo sa amin ang kapangyarihan ng iyong pag-ibig, upang maipagsanggalang ang buhay at karikitan.

Punuan mo kami ng kapayapaan, upang kami'y mabuhay bilang magkakapatid, nang walang sinumang nasasaktan.

O Poon ng mga dukha, tulungan nyo po kaming sagipin ang mga pinabayaang at kinalimutan ng daigdig na ito, na mahalaga sa inyong paningin.

Dalhan mo po ng lunas ang aming mga buhay, upang maipagtanggol ang daigdig at hindi mapinsala nito, upang maihasik namin ang karikitan, hindi polusyon at pagkawasak.

Hipuin mo po ang mga puso ng mga naghahanap lamang ng kapakinabangan habang isinasakripsyo ang mga dukha at ang daigdig.

Turuan mo kaming makita ang kahalagahan ng bawat bagay, na pupunuan ng pakundangan at pagninilay, upang makilalang malalim tayong nakikipagkaisa sa iba pang nilikha habang kami'y naglalakbay sa iyong di matingkalang liwanag.

Salamat po dahil araw-araw ka naming nakakasama .

Pasiglahin mo po kami, dalangin namin, sa aming pakikibaka para sa katarungan, pag-ibig at kapayapaan.

--- Encyclical Letter “*Laudato Si*” of the Holy Father Francis on Care for Our Common Home, 246.

1. Diyos, ang Manlilikha

Napakamakapangyarihang Diyos, na naroroon sa lahat ng dako at sa pinakamaliit sa iyong mga nilikha.

Mayroong isang awit na tinawag na *kasama ang Diyos sa t’wina*. Ganito ang awit: “Dumarating ang umaga at ang gabi ay nagbubukas, kaloob ng araw,” at kinikilala ang Diyos sa buhay ng kalikasan, taos-pusong nananalangin, “Salamat po, O Diyos.” Ka parehong ispiritu ng “*Laudato Si*” (Purihin ka, aking Panginoon) sa “Awit ng mga Nilikha” ni San Fransisko ng Assisi. Sinasabi sa Salmo 19 (berso 1) “Ipinahahayag ng langit ang luwalhati ng Diyos, inilalahad naman ng sangsinukob ang gawa ng kanyang mga kamay.” Itinuro ni San Pablo, “Ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos, at ang banal na kalikasan, ay matutuklasan sa pamamagitan ng kanyang mga ginawa.” (Romano 1:20) Naghahari ang Diyos sa kahanga-hangang sangsinukob, bagama’t kumikilos din siya sa buhay ng pinaka-payak na bagay na matatagpuan sa ating daigdig.

Ipinahahayag ng mga Kristiyano ang kanilang pananampalataya na ang Diyos ang Manlilikha. Lahat ng nilikhang may buhay ay nagmula sa Diyos, at bunga ito ng pagmamahal ng Diyos. At ang Diyos na lumikha sa sangkatauhan bilang huling kilos sa paglikha ng langit at lupa ay lumikha sa atin ayon sa banal na anyo. (Genesis 1:27). Ito ang ganap na batayan sa pagpapaliwanag ng dangal ng buhay ng tao. Ngunit nakakalungkot na nakakarinig tayo ng balita araw-araw na ang buhay ng mga tao ay nasisira. Maaaring mawala ang saysay ng kahalagahan ng buhay nang hindi natin namamalayan. Maaaring hindi na natin maramdaman ang sakit at kawalan ng dangal sa pagkitil ng buhay. Maaaring mawala sa ating isipan ang

pagpapahalaga sa buhay, kaisipang dapat nasa sa atin sa unang-unang pa. Kung hindi natin kinikilala ang Diyos na manlilikha, natural lamang na hindi natin mauunawaan ang kahalagahan ng buhay ng tao. Tayong mga Kristiyano ay dapat na naniniwala sa kahalagahan ng buhay ayon sa ating pananampalataya sa Diyos na Manlilikha, at kumilos para “maipagsanggalang ang lahat ng may buhay” upang maipahayag ang misteryo ng buhay.

2. Ang Pagsinta ng Diyos

Niyapos mo ng iyong pagsinta ang lahat ng umiiral.

Ang paggamit ng salitang “pagsinta” ng Diyos sa Bibliya ay may ibig sabihin na “pakikisimpatiya sa mga tao” at higit pa sa iniisip na kabuluhan ng mga Hapones sa salitang iyan bilang mapagbigay at mainit na pakikitungo na tumutukoy sa kalooban at pag-aalala ng Diyos na hindi nagnasang ang isang taong mahina ay mabalewala. Ang daigdig ay niyakap sa pagsinta ng ganitong banal na konsiderasyon. Gaano natin nararamdaman ang pagsinta ng Diyos sa ating buhay? Hindi natin nabibigyan ng oras na mapag balik-tanawan ang ating pinagmulan dahil tayo ay abala sa ating pag-araw-araw na buhay. Nguni’t, kapag tayo ay nasa krisis, may malubhang karamdaman, o humaharap sa matinding pag-kabagabag, kung hindi natin matatagpuan ang anumang bagay na sumusuporta sa ating pinagmulan, mawawala na pati ang ating pagnanasang mabuhay. Hindi palaging madaling sabihin ang kahulugan at layunin ng buhay at maiayon doon ang ating pagsasabuhay. Nguni’t kapag natagpuan natin ang Diyos dahil sa ating pananampalataya, matatagpuan natin ang tunay na kahulugan at kahalagahan ng ating buhay, dahil napagtatanto natin na tanging ang Diyos lamang ang tunay na nag-aaruga at may wagas na pagmamahal sa bawa’t isa sa atin.

Kapag ating nagpagnilayan na tayo ay pinapalibutan ng pagsinta ng Diyos at maramdaman ang lakas at tuwa na mabuhay, magiging mahinahon at mabait tayo sa tao at sa kalikasan. Ang ganitong kalooban ay tinatawag na pag-ibig. Ang pag-ibig ay ang pagiging bukas sa iba, hindi ginagamit o tinatangang angkinang pangsarili, kundi ikinagagalak ang kanilang mismong presensya. Kinikilala rin ng pag-ibig ang pagiging bukod-tangi ng iba at ang kaibahan ng bawa’t isa habang ikinasasaya ang mga ito at nagnanais na magkakasama at makikipanayam sa kanila.

3. Ang Kapangyarihan ng Pag-ibig

Ibuhos mo sa amin ang kapangyarihan ng iyong pag-ibig, upang maipagsanggalang ang buhay at kariktan.

Sinasabi sa atin ni San Pablo na “natitiyak ko na sa mga nilikha’y walang makapagwawalay sa atin sa pagmamahal ng Diyos na na kay Kristo Jesus na ating Panginoon.” (Roma 8:39). Ang lakas na nasa likod ng pagsasanggalang sa lahat ng may buhay at ng kagandahan ng nilikhang daigdig ay ang pag-ibig ng Diyos. Ang pag-ibig ay ang makapangyarihang nagpapa-usbong at nagpapalago ng buhay at malasakit na nagpapakilos sa mga tao. Kapag ang ating buhay ay naglalagablab sa pag-ibig, nagsisimula tayo na mamuhay na mapag-aruga sa buhay ng iba. Isang halimbawa si Santa Teresa ng Kolkata (Mother Teresa). Pagkatapos niyang lisanin ang Kongregasyon ng Loreto sa edad na 38 noong 1948, nag-iisa si Teresa na nagsimulang tumulong sa mga mahihirap at mga ulila sa slums ng Kolkata. Ang pag-ibig ng Diyos ang nagtulak sa kanya upang magbuo ng sariling kongregasyon na tinawag niyang Missionaries of Charity. Ang layunin ng kongregasyon ay

ang mag-alaga sa mga nagugutom, walang saplot sa katawan, ang mga itinakwil at ang mga walang nagmamahal na hindi inaaruga ng sinuman. Sa seremonya ng canonization ni Mother Teresa, sinabi ni Papa Fransisko, “Wala ng iba pang papalit sa pagkakawang-gawa: yung mga nag-alay ng sarili sa kapakanan ng iba, kahit hindi nila nauunawaan, ay yung mga nagmamahal sa Diyos (tingnan ang 1 Juan 3:16-18; Jaime 2:14-18). Samantala ang buhay Krisitiyano ay hindi lamang pagbibigay ng tulong sa panahon ng pangangailangan... Ang ating gawain na ibinigay ng Diyos, sa imbes, ay ang pagsasabuhay ng pagkakawang-gawa. Ang tanging batayan sa pagkilos ay taos sa pusong pagmamahal, kalayaan sa mga ideyolohiya at lahat ng tungkulin, na buong layang iniaalay sa sinuman na walang pagtatangi sa pananalita, kultura, lahi o relihiyon.”

4. Ang Buhay at Kapayapaan

Punuan mo kami ng kapayapaan, upang kami'y mabuhay bilang magkakapatid, nang walang sinumang nasasaktan.

Nilikha batay sa anyo ng Diyos, ang buhay natin ay bigay sa atin ng Diyos; hindi ito sa atin. Kaya, wala tayong karapatan na pasamain ang ating sariling buhay or yung sa iba. Lalo pang wala tayong karapatan na kumitil sa buhay ng iba. Tayo ay isinilang upang makasama at mahal in ng Diyos. Kaya, bilang mga anak na minamahal nang pantay-pantay ng Diyos, inaalagaan natin ang bawa't isa, itinuturing natin ang bawa't isa nang tapat, at nakikitungo tayo sa bawa't isa na bukas ang puso. Ang kapayapaang ninanais ng Diyos para sa atin ay ang isabuhay ito “ang ugnayan ng buhay sa buhay.” Ang batayan ng pag-iisip ni Papa Fransisko ay ang pagtingin na “ang lahat ay magkaka-ugnay.” Sa kaisipang ito, ang mga tao ngayon ay dapat magbigay ng mas higit na pagpapahalaga na ang lahat ng buhay ay magkaka-ugnay. Ang aking buhay ay hindi umiiral nang pang-sarili. Ito ay nakaugnay sa buhay ng lahat na mga may buhay sa daigdig. Ito ay kaugnay din sa buhay ng mga mahihirap. Ito ay kaugnay sa mga tao na may ibang relihiyon, bansa, at grupong etniko. Ito ay kaugnay din sa mga may sakit, mga matatanda, at mga bata. Ang pagsasabuhay ng mga ugnayang ito ay ang ekolohikal na misyon na binabanggit ni Papa Fransisko. Ang suliranin sa kapaligiran ay hindi lamang mga suliranin na pangkapaligiran. Ang suliranin ng mga mahihirap, digmaan at kapayapaan, at ng buhay ng nasa sinapupunan pa ay magkaka-ugnay. Sa kanyang “*Pacem in Terris*” (Peace on Earth), sabi ni Santo Juan XXIII, “Ang kapayapaan sa daigdig ay hindi kailan man maitatag, hindi kailan man magagarantiyahan, maliban na lamang sa masigasig na pagsunod sa itinatag ng Diyos na kaayusan. Ang kaayusang itinatag ng Diyos ay itong pagkaka-ugnay ng buhay, at ang pagsasakatuparan ng pagkaka-ugnay na ito ay ang kapayapaan. Ang kapayapaan ang pagkakaperpekto ng ginawa ng Diyos, at ang pagkilos para sa kapayapaan ay ang pakikipagtulungan sa gawaing paglikha ng Diyos. Ang digmaan at karahasan na sumisira sa kapayapaan ay mga gawa ng tao, ang pagwasak ng buhay ng tao. Sabi nga ni San Juan Pablo II sa kanyang Hiroshima Peace Message nung 1981, “Ang digmaan ay kamatayan.”

5. Paggabay sa mga Mahihirap

O Poon ng mga dukha, tulungan nyo po kaming sagipin ang mga pinabayaan at kinalimutan ng daigdig na ito, na mahalaga sa inyong paningin.

Mula nung magsimula ang 21st century sa Japan at sa buong daigdig maraming tao ang nawalan ng buhay dahil sa malalaking kalamidad tulad ng napalakas na ulan at bagyo na

kaugnay sa pagbabago ng klima. Ang maraming taong nawalan ng bahay at ari-arian at napilitang mamuhay sa hirap ay hindi na muling maibabalik ang mga nawala sa kanila. Nguni't sa Diyos, ang mahihirap ay hindi lamang yung mga may pangangailangan. Ang mga taong nawalan ng pananampalataya at nabubuhay na parang walang Diyos, mga kabataan na nawalan ng mga asal at mithiin, mga taong nasa panganib ang bahay, ang mga may sakit, mga nakakulong, refugees, imigrante, at ang mga nalulungkot na matatanda --- sila ang mga taong ginagabayan ng Diyos.

Tinatawag tayo ni Santo Papa Fransisko bilang kasapi ng iisang pamilya na makinig sa hinaing ng lahat ng mga taong inabandona ng daigdig dahil ang mundo ay ang “ating iisang tahanan.” Sabi ni San Pablo: “Kung naghihirap ang isang kasapi, ang lahat ay naghihirap na kasama nito. At kung pinararangalan ang isang kasapi, ang lahat ay nagagalak na kasama nito. (Corinto 12:26). Sinabi ng Papa, “Nais ko ay isang Simbahan na mahirap at para sa mahirap.” Ito’y sa kadahilanang ang mga mahihirap ay makakakilala ng presensiya ng Diyos at makakapagpatotoo na ang Diyos ay malapit sa kanilang buhay. Ang Simbahan ay inanyayahan sa isang bagong gawaing misyonero na kumikilala sa kapangyarihan ng Diyos na magdala ng kaligtasan sa buhay ng mga mahihirap at ilagay sila sa puso ng paglalakbay ng Simbahan. (Tingnan ang “*Evangelii Gaudium*” [Ang Galak ng Bibliya], 198.)

6. Ang Krisis sa Kapaligiran at ang Ating Pananagutan sa mga Susunod na Salinlahi

Dalhan mo po ng lunas ang aming mga buhay, upang maipagtanggol ang daigdig at hindi mapinsala nito, upang maihasik namin ang kariktan, hindi polusyon at pagkawasak.

Ang Great East Japan Earthquake at tsunami noong March 11, 2011, at ang sumunod na Fukushima nuclear power plant accident ay nagdulot sa atin ng muling pagsusuri ng kahulugan ng agham/science at buhay ng tao. Sa nakaraang ilang taon, ang polyusyon sa mga dagat dala ng plastik na basura ay naging kagyat na usapin. Ang paggawa at kinukonsumo ng tao ay mabilis na sinasakop ang daigdig. Upang maiwasan ang krisis na ito, kailangang kumilos tayo na makakabuti sa kapaligiran sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa panahon ngayon ng labis na konsumerismo, kung titingnan natin ang katotohanan sa mata ng Diyos, malinaw na malayo ito sa perpektong na hinahangad ng Diyos. Ang halaga ng pangangalaga sa daigdig at buhay na ibinigay ng Diyos ay isinantabi mula sa kaibuturan ng ating lipunan. Kaya, ang tanong ni Santo Papa Fransisko: “Anong uri ng daigdig ang gusto nating iwan sa mga darating na henerasyon, sa mga bata na ngayon ay nagsisilakihan?” (*Laudato Si'*, 160). Ito ay katanungan hindi lamang tungkol sa kapaligiran, kundi sa pinakamahalagang nilikha at ng pagpapahalagang batayan ng buhay sa lipunan. Sabi nga ni Santo Papa, ang daigdig ay nahaharap sa isang komplikadong krisis, hindi dalawang magkahiwalay na krisis na pangkapaligiran at panglipunan. Isinasakripisyo ang daigdig ng mga gawa ng modernong produksyon at ng konsumerismo, at gumagawa ng basurang iiwan sa sangkatauhan sa darating na panahon. Dapat nating pag-isipan nang malalim ang ating pananagutan sa pagtatanim ng mga punla ng kagandahan sa darating na salinlahi.

7. Ekolohikal na Pagbabagong-loob

Hipuin mo po ang mga puso ng mga naghahanap lamang ng kapakinabangan habang isinasakripisyo ang mga dukha at ang daigdig.

Sino ang mga naghahanap lamang ng kita? Sila ba ay ibang tao, mga negosyante na walang kinalaman sa atin? Habang tayo ay nabubuhay sa daigdig na ito, wala sa atin ang makakatangi na gusto nating makakuha ng kayamanang materyal at kasiyahan at hanapin ang ating pansariling kaligayahan. Kaya, kahit na “ipagsanggalang ng buhay” ang ating sigaw kailangan pa rin na ang bawa’t isa sa atin ay mapagkumbabang magpatuloy sa pagbabago ng puso, magbagong loob. Balikan natin ang apat na bahagi ng “ekolohikal na pagbabagong-loob (ecological conversion)” na hiningi ni Santo Papa Fransisko: pagbabago ng ating ugnayan sa Diyos, pagbabago sa ating ugnayan sa iba, pagbabago ng ating ugnayan sa kapaligiran, at pagbabago ng ugnayan sa sarili. Ang panaghoy ng mahihirap ang nag-aanyaya sa atin na mapang-sarili at walang pakialam sa iba na magbagong-loob. Pinaalalahanan tayo ng Papa na yung mga pinagkatiwala ang sarili sa Diyos ay hindi mabibigo dahil dinidinig ng Diyos ang iyak ng mahihirap. (Mensahe ng Kanyang Kabanalang Papa Fransisko, Second World Day of the Poor, 2018)

Sabi ni San Pablo: “Makigalak sa mga nagagalak, makitangis sa mga tumatangis. Magdamayan. Huwag mangarap nang mataas, kundi masiyahan sa pangkaraniwan. Huwag magmarunong sa inyong sarili.” (Roma 12:15–16). Kapag ating inalis ang ating mga pansariling kaisipan, iwanan ang ating pagmamalaki, sirain ang mga balakid ng kawalan ng pakialam, at tumungo sa mga nagdurusa, pinalalawak natin ang sakop ng pakikiisa sa lipunan. Nagpadala ng mensahe ang Papa sa burol ni Jean Vanier, na nagtayo ng L’Arche community para sa mga may kapansanan sa isip na namatay noong May 7, 2019, sa edad na 90, na nagsasabing, “Kinuha lang ng Diyos na si Kristo ang ating mga kahinaan, at si Jean Vanier ay nagtangkang mabuhay na sang-ayon sa Kristong ito. Tinangka niyang siguraduhin na ang pinakamahinang tao na malamang ay hindi kakalingain ay kinikilala at tinatanggap bilang mga kapatid lampas pa sa relihiyon at lagay sa lipunan.”

8. Kristo, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay

Turuan mo kaming makita ang kahalagahan ng bawat bagay, na pupunuan ng pakundangan at pagninilay, upang makilalang malalim tayong nakikipagkaisa sa iba pang nilikha habang kami’y naglalakbay sa iyong di matingkalang liwanag.

Ang buhay na hinahangad ng Diyos sa kanyang paglikha sa sangkatauhan ay ang ating ugnayan sa Diyos, isang buhay na magdadala sa atin pabalik sa Diyos. “Sapagkat ang naghahangad na magligtas ng kanyang sarili ang mawawalan nito ngunit ang naghahangad na mawalan ng sarili alang-alang sa akin ang makakatagpo nito” (Mateo 16:25). Sa paggamit ng katulad na salita para sa buhay, tinatalakay ni Hesus ang tungkol sa buhay na pisikal at ang ating pagsisikap na isanggalang ito, pero sinasabi din na kung tinitingnan lang natin yon, hindi natin makikita ang mas mayamang “buhay” ng ating kaugnayan sa Diyos. Ang layunin ng krus ni Hesus ay ang magdala sa sangkatauhan ng buhay na walang hanggan na mas higit pa sa pagkasira ng ating katawang buhay. “Ako ang siyang liwanag ng mundo. Magkakaroon ng liwanag ng buhay ang sumusunod sa akin at hinding-hindi magpapalakad-lakad sa karimlan” (Juan 8:12). Ang ating Hesukristo na Tagapagligtas ang siyang nabuhay nang lubos. Sa pagsunod kay Kristo na nagmahal sa Diyos, nagmahal ng iba, namatay sa krus, at nabuhay ng mag-uli mula sa kamatayan ang siyang sasagip sa ating buhay mula sa panganib at mag-aakay sa atin sa buhay na walang hanggan. Tunay na si Kristo ang “daan, ang katotohan, at ang buhay.”

9. Salamat sa Diyos na Siya nating Kasama

Pinasasalamat ka namin sa pag sama sa amin sa bawa't araw.. Hikayatin mo kami, aming ipinapanalangin, sa aming pakikibaka para sa hustisya, pag-ibig at kapayapaan.

Ang ating pasasalamat sa Diyos ay higit pa sa ritwal. Ibig sabihin nito ay pangungumpisal ng kasalanan kasama ng pangungumpisal ng pananampalataya sa Diyos. Ang pasasalamat ay nagmumula sa pagbubukas ng ating puso sa awa ng Diyos at pagbubukas ng palad sa papamagitan ng ating mga kasalanan at pagdarasal para sa kapatawaran. Bawa't araw, tayo na nabubuhay sa pagmamahal at biyaya ng Diyos ay kinakailangang pag-isipang mabuti ang pagkasira na dinulot sa daigdig at akuin ang pananagutan sa paghilom, hindi maging bulag [indifferent] sa sakit ng sugatang daigdig.

Tinawag tayo ni Papa Fransisko na pag-isipan ang mga senyales ng panahon at ipagsanggalang ang buhay at ang dangal nito. Sa bansang Hapon at sa iba pang bahagi ng daigdig, ang kalagayan ng lipunan ay nagbabago araw-araw, at mayroong maraming problema at hamon kaugnay sa buhay. Sa mga problemang hinaharap ng mga pamilya ay ang problema sa pagiging mag-asawa, sex at reproduction, ugnayan ng magulang at anak, at ang hirap ng tumatandang lipunan. May mga isyu na kaugnay sa buhay at kamatayan kasama ang pagsusuri bago manganak [prenatal diagnosis], kapansanan, pag-kitil sa sariling buhay, euthanasia, parusang kamatayan, life science, gene therapy, at mga problemang pangkapaligiran.

Ang misyon ng Simbahan ng Japan ay ang makisakatan ng liwanag ng bibliya ang buhay ng mga tao sa Japan at ang kanilang pagsisikap na bunuin ang komplikadong mga problema na hinaharap ng buhay. Isang hamon ang tawag na tumahak patungo sa liwanag ng Diyos. Kaya, tayo ay magdasal na sa pamamagitan ng tulong ni Maria, ang reyna ng lahat ng nilikha, Diyos, ang Makapangyarihang Ama, ay susuporta sa atin.

Isang Panalanging Kristyano Sa Pakikipagkaisa Sa Sangnilikha

Ama, pinupuri ka namin ng lahat ng iyong nilikha.

Nanggaling sila mula sa iyong napakamapagpalang kamay; silang lahat ay sa iyo, na puno ng iyong presensya at malambing na pagmamahal.

Purihin ka!

Anak ng Diyos, Hesus, sa pamamagitan mo'y nalikha ang lahat ng bagay. Ikaw na nabuo sa sinapupunan ni Maria, ang aming Ina, naging bahagi ka ng daigdig na ito, at tumitig ka sa mundong ito ng mga mata ng tao.

Ngayon ay buhay na buhay ka sa bawat nilalang sa iyong papailanlang na kaluwalhatian.

Purihin ka!

Banal na Espiritu, sa iyong kaliwanagan ginagabayan mo ang mundong ito patungo sa pag-ibig ng Ama at sinasamahan ang mga nilalang sa paghihinagpis nito sa kahirapan. Nananahan ka sa aming mga puso at binibigyang-sigla mo kaming gawin ang nararapat.

Purihin ka!

Poong may tatlong pagkakaisa, nakamamanghang pamayanang may walang hanggang pag-ibig turuan mo po kaming pagnilayan ka sa kariktan ng sanlibutan, pagkat pinag-uusapan ka ng lahat ng bagay.

Pinukaw ang aming pagpuri't pasasalamat para sa bawat nilalang na iyong nilikha. Bigyan mo po kami ng biyaya upang madamang malalim kaming kasama ng lahat ng bagay.

Diyos ng pag-ibig, ipakita mo sa amin ang aming tungkulin sa mundo bilang daluyan ng iyong pagmamahal para sa lahat ng mga nilalang sa daigdig na ito, upang ni isa man ay hindi makaligtaan sa iyong paningin. Tanglawan nyo po yaong nagtataglay ng kapangyarihan at salapi upang maiwasan nila ang kasalanan ng pagwawalang-bahala, upang kanilang ibigin ang pangkalahatang kagalingan, paunlarin ang mahihina, at pag-ingatan ang mundong tinitirahan natin. Nananaghoy ang mga dukha at ang daigdig.

O, Panginoon, sakupin mo kami ng iyong kapangyarihan at liwanag, tulungan mo po kaming ipagsanggalang ang lahat ng buhay, upang makapaghanda sa isang mas magandang hinaharap, para sa pagdating ng iyong Kaharian ng katarungan, kapayapaan, pag-ibig at kariktan.

Purihin ka!

Amen.

--- Encyclical Letter *Laudato Si'* of the Holy Father Francis on Care for Our Common Home, 246.

Tala: Ang mga teksto mula sa Luma at Bagong Tipan ay kinuha sa Christian Community Bible, <http://www.bibleclaret.org/bibles/tagalog.htm>.